

# Form ng Mga Apela at Karaingan



Para magamit ng mga miyembro ng Plano ng Blue Shield Medicare Advantage at mga miyembro ng Plano ng Blue Shield Medicare Resentang Gamot. Kahilingan para sa Apela at/o Karaingan

(tingnan ang likuran para sa paliwanag tungkol sa karaingan at apela)

**Pangalan ng Miyembro:** \_\_\_\_\_ **Numero ng ID ng Miyembro:** \_\_\_\_\_

**Address:** \_\_\_\_\_

**Numero ng Telepono:** \_\_\_\_\_ **Pinahintulatang Kinatawan:** \_\_\_\_\_

## APELA

**(Mga) Tinanggihang Numero ng Serbisyo o Habol na gusto mong iapela**

**(Mga) Petsa ng (Mga) Serbisyo:** \_\_\_\_\_ **Pangalan ng Provider:** \_\_\_\_\_

**Kabuuang Halagang Pinagtatalunan: \$** \_\_\_\_\_ **Halagang binayaran ng Miyembro (kung mayroon man): \$** \_\_\_\_\_

Mangyaring ipaliwanag ang iyong kahilingan sa apela sa malinaw, madaling basahin, detalyadong form. Mangyaring siguraduhing magbigay ng anumang impormasyong sa tingin mo ay maaaring maging kapaki-pakinabang, kabilang ang mga kopya ng anumang habol/bayaran, medical na talaan, o abiso ng pagtatanggi, kung mayroon man: \_\_\_\_\_

**Ang kahilingan sa karaniwang apela (muling pagpapasiya) ay dapat isumite sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa abiso ng pagtatanggi.** Kapag tinawagan ang Serbisyo sa Customer, masisimulan ang karaniwang apela, pero hindi ito maipoproceso nang wala ang iyong nakasulat na kahilingan.

## KARAINGAN

Mangyaring ipaliwanag ang iyong karaingan o isyu: \_\_\_\_\_

**Ang karaingan ay puwedeng ihain nang pasalita o sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw ng insidente.** Mangyaring tandaang puwede kang makipag-ugnayan sa aming Departamento ng Serbisyo sa Customer sa numero ng telepono na nakalista sa iyong ID card ng miyembro ng Blue Shield para maghain ng karaingan.

Lagda: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

**Lagda ng miyembro (o kinatawan)** (Kung kinatawan, mangyaring sagutan ang kalakip na Form ng Paghirang ng Kinatawan (AOR))

Mangyaring ibalik ang form na ito sa Departamento ng Mga Apela at Karaingan sa Medicare ng Blue Shield of California:

I-mail ang Form sa:  
**P.O. Box 927**  
**Woodland Hills, CA 91365-9856**  
**o sa pamamagitan ng facsimile sa (916) 350-6510**

Sa Personal:  
**6300 Canoga Ave.**  
**Woodland Hills, CA 91367**

## Ano ang Karaingan?

Isang uri ng reklamong gagawin mo tungkol sa amin o sa isa sa aming mga provider sa network o Parmasya, kabilang ang reklamo tungkol sa kalidad ng iyong pangangalaga. Hindi kasama sa ganitong uri ng reklamo ang saklaw o mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad.

## Ano ang Pagpapasiya ng Organisasyon?

Ang Pagpapasiya ng Organisasyon ay isang paunang desisyon ng Blue Shield 65 Plus o isang tao tulad ng iyong Personal na Doktor o Grupo ng Doktor na kumikilos sa ngalan ng Plano, para mag-apruba o magtanggihan ng pagbabayad para sa serbisyo o kahilingan para sa pagkakaloob ng serbisyo na ginawa mo o sa ngalan mo.

## Ano ang Pagpapasiya ng Saklaw?

Ang desisyon tungkol sa kung ang isang serbisyong medikal o gamot na inireseta para sa iyo ay sinasaklaw ng plano at halaga, kung mayroon man; kailangan mong bayaran ang serbisyo o reseta. Sa pangkalahatan, kung dadalhin mo ang iyong reseta sa isang parmasya at sasabihin sa iyo ng parmasyang hindi sinasaklaw sa iyong plano ang reseta, hindi iyon pagpapasiya ng saklaw. Kailangan mong tumawag o sumulat sa iyong plano para humingi ng pormal na desisyon tungkol sa saklaw kung hindi ka sumasang-ayon.

## Ano ang Apela?

Ang apela ay gagawin mo kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyong tanggihan ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o saklaw ng mga resetang gamot, o sa pagtatanggihan ng pagbabayad para sa mga serbisyo o pagbabayad para sa mga gamot na natanggap mo na. Puwede kang umapela kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyong ihinto ang mga serbisyong tinatanggap mo. Halimbawa, puwede kang humiling ng apela kung hindi binabayaran ng aming plano ang isang gamot, item, o serbisyong sa palagay mo ay dapat mong matanggap.

Kung tatanggihan namin ang anumang bahagi ng iyong kahilingan para sa serbisyong pangangalagang medikal o pagbabayad ng serbisyo, puwede mong hilingin sa aming muling isaalang-alang ang aming desisyon. Tinatawag itong "Apela" o "kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang."

Bukod pa rito, kung tatanggihan namin ang anumang bahagi ng iyong kahilingan para sa (mga) resetang gamot ng Bahagi D sa aming Pagpapasiya ng Saklaw, puwede mong hilingin sa aming muling isaalang-alang ang aming desisyon. Tinatawag itong "kahilingan para sa muling pagpapasiya."

Mangyaring sumangguni sa iyong *Katibayan ng Saklaw* para sa kumpletong paglalarawan kung paano maghain ng karaingan at/o apela.